Tagalog

Tagalog

Mga Kautusan ukol sa Pagbabalot ng Pagkain (Food Packaging Requirements)

- Ang lahat ng negosyong nasa serbisyo ng pagkain sa Seattle ay kinakailangang magbigay ng panserbisyong produkto at pambalot na *compostable* o *recyclable* para sa mga pagkaing inuuuwi sa bahay.
- Ang lahat ng negosyong nasa serbisyo ng pagkain sa Seattle na gumagamit ng mga produktong *compostable* o *recyclable* para sa pagkaing inuubos sa loob ng kainan ay kinakailangang magkaroon ng mga kahon para sa wastong pagkokolekta ng mga materyal na ito.

Kodigong Pangmunisipal ng Seattle (21.36.086)

Nag-uutos sa mga restawran at ibang mga negosyong nasa serbisyo ng pagkain na nagbebenta ng o nagkakaloob ng pagkain para sa kainin sa loob o labas ng kanilang lugar gamit ang minsanang gamit na kagamitan o lalagyan na gumamit ng *compostable* o *recyclable* na pambalot.

SINO: Ang lahat ng negosyong nasa serbisyo ng pagkain kasama ang mga restawran, kapehan, grocery, deli, panaderya, bar, kainan sa mga mal, nagbebentang trak, salu-salo at lahat ng iba pang mga kategorya ng negosyong nasa serbisyo ng pagkain.

ANO: Pinagbabawalang gumamit ang lahat ng mga negosyong nasa serbisyo ng pagkain ng mga produktong panserbisyo na gawa ng plastik na *foam* o pambalot at upang mabawasan ang dami ng basurang dinadala sa tambakan, maaaring gumamit ng ibang pang plastik o pinahiran ng plastik na produktong papel kung sila ay kinokolekta para *recycling*. Ang mga negosyo ay maaaring gumamit ng aprobadong *compostable* na produktong panserbisyo sa pagkain na siyang piniling alternatibo ng lungsod kapalit ng tinatapong mga materyal na plastik.

KAILAN: Simula sa Hulyo 1,2010. Ang mga nauunang gumagamit ay karapat-dapat tumanggap ng mga diskwento sa mga producto at pagbabawas para sa mga serbisyong pangkolekta.

BAKIT: Ang paggamit ng mga *disposable* na pambalot ng pagkain ay isang aksaya na nagreresulta sa mga negatibong epekto sa kapaligiran kabilang ang pagkakalat at dumaramingbasura sa tambakan. Sa pamamagitan ng paglipat sa *recyclable* o *compostable* na pambalot, mababawasan ng mga negosyo ang pagserbisyo ng basura at makatipid ng pera. Ang paggamit ng produktong *compostable* ay nagbibigay ng madali at isang-hakbang na pagtapon ng basura galing sa pagkain at panserbisyong kagamitan sa isang Para lamang sa *Compostable* na lalagyang pagkolekta.

PAANO: Kumontak sa Resource Venture, ang libreng serbisyo sa Seattle na nagbibigay ng impormasyon, tulong at pagsangguni para sa mga negosyong nais pagbutihin ang kanilang gawaing pangkapaligiran at magtipid ng pera.

For interpretation services please call 206-684-3000.
如需要口譯服務,請撥電話號碼.
통역 서비스를 원하시면 206-684-3000으로 전화하세요.
Wixii turjubaan afka ah ku saabsan, Fadlan la soo xariir taleefoonka.
Para servicios de interpretación por favor llame al.
Para sa serbisyo ng tagapagpaliwanag, tumawag sa.
Vè dịch vụ phiên dịch xin gọi.

Resource Venture
www.resourceventure.com
206-343-8505

Tagalog

Mga mapagkukunan (Resources)

www.resourceventure.org

Libreng tulong para sa mga negosyong nasa serbisyo ng pagkain upang maisatupad ang mga kautusan ng pagbabalot ng pagkain

Mga poster

Umorder ng LIBRENG regular na poster at etiketa ng mga lalagyan o gumawa ng inyong sariling poster sa website ng Resource Venture.



Etiketa ng Lalagyan ng Basura

Impormasyon tungkol sa Nagbebenta

Kumontak sa Resource Venture para sa karagdagang pambalot, lalagyan at impormasyon tungkol sa nagbebentang panserbisyo.

Pambalot

Mga aprobadong pambalot na *compostable*, at mga numero ng pangkontak para sa mga gumagawa, tagapamahagi, at suplayer ng *compostable* at *recyclable* na pambalot.

Lalagyang Pangkolekta

Mga minumungkahing lalagyan ng basura at numero ng pangkontak ng mga gumagawa, tagapamahagi, at suplayer ng mga lalagyan ng basura.

Serbisyong Pangkolekta

Mga mungkahing nagbebenta ng pangkolekta ng mga *compostable* at *recyclable*.